*Republika ng Pilipinas*
*Kagawaran ng Edukasyon*
Rehiyong Administratibo ng Cordillera
**TANGGAPAN NG SANGAY NG MGA PAARALAN SA BENGUET**
Wangal, La Trinidad, Benguet
*Telefax: (074) 422-6570; (074)422-7501*

DEPARTMENT OF EDUCATION
AUG 02 2016
Benguet Division

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
Blg. 128 Serye 2016

Para sa : Tagamasid Pampurok ng mga Paaralang Pampubliko
Pinuno ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralan

Mula kay : **FEDERICO P. MARTIN, Ed.D.,CESO VI**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

Paksa : **MGA PATIMPALAK KAUGNAY SA PAGDIRIWANG NG PAMBANSANG BUWAN NG WIKA 2016**

Petsa: : Agosto 1, 2016

1. Alinsunod sa Panrehiyong Memorandum Bilang 206 na ipinalabas noong Hulyo 29, 2016 kaugnay sa pagdiriwang ng 2016 Buwan ng Wikang Pambansa na may paksang ***"Filipino: Wika ng Karunungan,"*** magkakaroon ng ***Pandibisyong mga Patimpalak*** na gaganapin sa Bulwagan ng Adivay, Sangay ng Benguet sa Agosto 26, 2016 na magsisimula sa 8:30 ng umaga.

2. Layunin ng pagdiriwang ang mga sumusunod:
   a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041;
   b. Mahikayat ang mga paaralang pampubliko at pribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
   c. Magaganyak ang mga mamamayan na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng pagdiriwang.

3. Bilang bahagi ng pangunahing pagdiriwang, isasagawa ang mga sumusunod na paligsahan sa nabanggit na Pandibisyong Patimpalak:

**KATEGORYA A- ELEMENTARYA**

1. **Masining na Pagkukuwento**

**Mekaniks:**
a. Kategorya **A**- May isang kalahok sa bawat distrito na maaring mula sa una,ikalawa o ikatlong baitang lamang.
b. Ang kuwentong ilalahad ay may kaugnayan sa paksa. Maaaring bumuo ng sariling kuwento.
c. May nakalaang minimum na dalawang minutos hanggang maksimum na apat na minutos para sa paglalahad hindi kasama ang pagpasok at paglabas sa entablado.

**Kraytirya:**
a. Kaangkupan sa tema at kaalaman sa paksa ...................... 35%
b. Kaangkupan ng galaw, kilos at ekspresyon ng mukha .......... 25%
c. Pag-iiba ng boses ayon sa tauhan ........................ 10%
d. Kabuuang pagtatanghal ........................ 20%
e. Kagamitan at kaayusan ........................ 10%
**Kabuuan** **100%**

2. **Balagtasan**

**Mekaniks:**
a. Ang mga kalahok ay binubuo ng tatlong mag-aaral na magmumula sa Baitang 4-6.
b. **Ang paksa ay may kaugnayan sa tema ng pagdiriwang.**

**Kraytirya (Balagtasan):**

| | | |
|---|---|---|
| a. Kaangkupan sa tema at kaalaman sa paksa | ....... | 35% |
| b. Kaangkupan ng galaw, kilos at ekspresyon ng mukha | ...... | 25% |
| c. Paglalahad ng mga patunay/ebidensiya | ...................... | 10% |
| d. Kabuuang Pagtatanghal | .................... | 20% |
| e. Kagamitan at kaayusan | .................... | 10% |
| **Kabuuan** | | **100%** |

**KATEGORYA B – JUNIOR HIGH SCHOOL**

1. **Katutubong Sayaw**

   ***Mekaniks***

   a. Ang mga kalahok ay mag-aaral mula sa Baitang 7 at 8.
   b. Ang pangkat ay binubuo lamang ng apat (4) na mananayaw.
   c. Ang sayaw ay itatanghal sa loob ng limang (5) minutos hanggang sampung (10) minutos hindi kasama ang pagpasok at paglabas sa entablado.

   ***Kraytirya:***

| | | |
|---|---|---|
| a. Pagkakaisa ng kilos/galaw | ................... | 35% |
| b. Kaalaman sa sayaw | ................... | 30% |
| c. Kasuotan | ................... | 15% |
| d. Kabuuan ng pagtatanghal | ................... | 20% |
| **Kabuuan** | | **100%** |

2. **Dagliang Talumpati**

   ***Mekaniks:***

   a. Ang kalahok ay mga mag-aaral mula sa Baitang 9 at 10. May isang kalahok sa bawat distrito.
   b. Ang tanong ay nakahanda para sa mga kalahok.
   c. May nakalaang minimum na tatlong minutos hanggang maksimum na limang minutos para sa paglalahad ng ideya kasama ang pagpasok at paglabas sa entablado

   ***Kraytira:***

| | | |
|---|---|---|
| a. Kaalaman sa paksa/kaisahan ng ideya | ....... | 30% |
| b. Lakas at linaw ng boses | ......... | 20% |
| c. Paglalahad ng mga patunay | ............ | 25% |
| d. Kaangkupan ng ekspresyon ng mukha, pagpapakita ng pagtitiwala sa sarili | ....... | 25% |
| **Kabuuan** | | **100%** |

4. Ang mga mag-aaral na nagkamit ng unang puwesto sa pandistritong patimpalak ng bawat kategorya ang magrerepresenta sa kanilang distrito sa Pandibisyong Patimpalak. Samantala, ang magwawagi ng unang gantimpala sa Pandibisyong Patimpalak sa bawat kategorya ang mga magiging kinatawan ng Sangay ng Benguet sa Panrehiyong Patimpalak na gaganapin sa Agosto 31, 2016, ika-8:00 ng umaga sa Bulwagan ng RNEAP, Wangal, La Trinidad.

5. Ang meryenda, pananghalian at sertipiko ng mga kalahok at miyembro ng Komite ay manggagaling sa dibisyon samantalang ang gastusin sa pamasahe papunta at pabalik sa paaralan gayundin ang ibang gastusin ay manggagaling sa pondong lokal, pondo ng paaaralan o anumang maaaring pagkukunan ng pondo alinsunod sa mga panuntunan sa pagsusuma at pag-oodit.

6. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

*Sanggunian:*

*Panrehiyong Memorandum Bilang 206 Serye 2016 na ipinalabas noong Hulyo 29, 2016*
*Memorandum Pangkagawaran Blng 24 serye 2016*

/mbm